# Poon at Panata: Sining at Paniniwala sa Mahal na Senyor ng Lucban, Quezon

*Cecilia S.M. Dela Paz*

"*Dumaan na po ba ang Senyor?*" Una kong narinig ang nakapagtatakang tanong noong Biyernes Santo 1996 sa bahay ng aking biyenan sa Daang V. Cadeliña, bayan ng Lucban, Quezon. Alas-otso na ito ng gabi at nakadaan na ang naglalakihang santong imahen, ngunit ang pinakahihintay ng lahat—ang imahen ng Kristong Ililibing—ay sadyang matagal ang pagdating. Malaki ang agwat nito sa mga naunang imahen dahil raw sa kakakibang pamamaraan ng prusisyon nito—ang "usong" ng kalalakihan ng Lucban. Wika ng mga taong nag-hihintay, *"Nakauwi na ang iba, pero ang Senyor ay nasa daan pa..."*

Tuwing Biyernes Santo, isang magarang prusisyon na pinagtatanghalan ng naglalakihang imaheng Katoliko ang ipinuprusisyon sa makikitid na kalsada ng bayan, kabilang na ang imahen ng "patay na Diyos" na mas kilala sa katagang "Senyor." Taon-taon, ang prusisyong ito ay tila isang biswal na palabas na nagkukuwento ng Pasyon sa buhay ni Kristo. Bagama't pamilyar na ang kuwento sa mga taumbayan, ang prusisyon ay naglalaman pa ng ibang antas ng mga pakahulugan sa pamamagitan ng mga eskulturang panrelihiyon. At tulad ng isang engrandeng palabas na pampubliko, tinatampukan ito ng mga kasuotan na pinagtatalunan, pag-iilaw na pinag-iisipan, pagdidisenyo ng andas na pinagkakagastusan, at higit sa lahat, ng mga "aktor" sa lipunan na ginagampanan ang kanilang papel sa pangangalaga at pag-uusong ng mga imaheng ito.

Kung titingnan ang prusisyong ito bilang isang naratibo sa pamamagitan ng simbolismo ng mga imahen kasama ng mga pamamaraan kung papaano ito itinatanghal, nagiging makahulugan ito bilang kolektibo at dinamikong karanasan ng bayan na nagbibigay artikulasyon sa persepsiyon ng mga tao sa kalagayang panlipunan. Sa prusisyong ito inaangkla ang antas ng kaayusan o di-kaayusan ng materyal, sosyal, at espiritwal na buhay ng mga taga-Lucban batay sa kondisyon at pamamaraan kung papaano naidaos ang prusisyon tuwing Biyernes Santo. Sentral sa tradisyon ng prusisyon ay ang mga eskulturang panrelihiyon na kinikilala bilang "poon" na ikinikilos ng taumbayan sa "daan" o kalsada, gayundin sa kani-kanilang mga tahanan, labas sa poder